

Sa Ngalan ng Ama, ng Anak, at an Espiritu Santo - AMEN.

PAGSISISI

Panginoon kong Hesuskristo, Diyos na totoo at tao naming totoo, gumawa at sumakop sa akin, pinagsisisihan kong masakit na masakit sa tanang loob ko, ang dilang pagkakasala ko sa Iyo, na Ikaw nga po ang Diyos ko, Panginoon ko at Ama ko, na iniibig kong lalo sa lahat. Nagtitika akong matibay na matibay, na di na ako muling magkakasala sa Iyo, at nagtitika naman akong magkumpisal ng dilang kasalanan ko. Umaasa akong patatawarin mo rin, alang-alang sa Iyong mahal na pasyon at pagkamatay Mo sa Krus dahilan sa akin. AMEN.

PAGHAHAIN

Buksan Mo Panginoon ko, ang mga labi namin, pagningasin ang loob at pakalinisinsa mga walang kapakanan, mahahalay at lisyang akala, liwanagin Mo ang aming bait, pag-alabin ang aming puso ng pinagdaanang hirap at kamatayan, sampu ng kapait-paitang dinalita ng Iyong marangal na Ina at maging dapat kaming dinggin sa harapan ng Iyong di matingkalang kapangyanrihan, na nabubuhay at naghahari magpasawalang hanggan. AMEN.

AMA NAMIN

Ama namin, sumasa-langit ka. Sambahin ang ngalan Mo. Mapasaamin ang Kaharian Mo. Sundin ang loob Mo dito sa lupa para ng sa Langit.


Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw-araw. At patawarin Mo kami sa aming mga sala, para ng pagpapatawad namin sa mga nagkakasala sa amin at huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso at iadya Mo kami sa lahat ng masasama. AMEN.

Lubhang maawaing Hesus ko, lingapin Mo ng Iyong matang maamo ang kaluluwa ng bininyagang namatay na si _____ na dahil sa kanya'y nagpakasakit ka't namatay sa Krus. AMEN

- 1) Hesus ko alang-alang sa masaganang dugo na ipinawis Mo ng manalangin Ka sa halamanan.

SAGOT: Kaawaan Mo Panginoon ko't patawarin sa kasalanan ang kaluluwa ng namatay.

- 2) Hesus ko alang-alang sa tampal na tinanggap ng Iyong kagalang-galang na mukha.
- 3) Hesus ko alang-alang sa masasakit na hampas na Iyong tiniis.
- 4) Hesus ko alang-alang sa koronang tinik na nagtisimo sa kasantu-santusang Mong ulo.

- 
- 5) Hesus ko alang-alang sa paglakad Mo sa lansangan ng kapaitan na ang Krus ay Iyong pasan-pasan.
 - 6) Hesus ko alang-alang sa kasantu-santusang Mong mukha na naliligo sa dugo at Iyong biniyaang malarawan sa birang ni Veronica.
 - 7) Hesus ko alang-alang sa damit Mong natitigmak ng dugo na biglang pinaknit at hinubad sa Iyong katawan na mga tampalasan.
 - 8) Hesus ko alang-alang sa kasantu-santusan Mong katawan na napako sa Krus.
 - 9) Hesus ko alang-alang sa Iyong kasantus-santusang paa't kamay na pinakuan ng mga pakong ipinagdalita Mong masakit.
 - 10) Hesus ko alang-alang sa tagiliran Mong nabuksan sa saksak ng isang matalim na sibat na binukalan ng dugo at tubig.

NAMUMUNO: Kapayapaang walang hanggan ang ipagkaloob Mo sa kanya Panginoon.

LAHAT: At tumanglaw sa kanya ang liwanag nang walang katapusan.

PAGHAHAIN

Katamis-tamisang Hesus ko, na sa pagsakop sa sangkatauhan ya inibig Mong Ikaw ay ipanganak; tumulo ang Iyong mahalagang dugo, alipustahin ng mga hudyo; mapasa kamay ng magtampalasan sa paghalik ni Hudas; gapusin ng mga lubid, dalhin sa pagpaparipahan sa Iyo, tulad sa korderong walang sala, iharap ka kay Anas, kay Kaipas, kay Pilato at kay Herodes; luran at paratangan na pinatotohanan ng mga saksing sinungaling; tampalin maging alimura. Matadtad ng sugat ang buong katawan sa hampas ng suplina; putugan ng kororang tinik; matakpan ang Iyong mukha ng isang purpura sa pagpapalibhasa sa Iyo; malagay sa isang pagkahubad na kahiya-hiya, mapako sa Krus at mabitin sa kanya, mapagitna sa dalawang magnanakaw na parang isa sa kanila; painumin ng apdong nilahukan ng suka at ang Iyong tagiliran ay saksakin ng siang sibat.

Hanguin Mo na Panginoon ko, alang-alang sa madlang sakit na lubhang mapait na dinalita Mo, ang mga kaluluwa sa Purgatoryo, lalung-lalo na ang kaluluwa nitong namatay na si _____ na aming ipinagdarasal sa purdursa nila ay iakyat Mo sila ng matiwasay sa Iyong kaluwalhatian, at iligtas kami, alang-alang sa mga karapatan ng Iyong kamahal-mahalang pagpapakasakit at pagkamatay sa Krus, sa mga hirap sa impyerno, ng kami'y maging dapat pumasok sa mapayapang kaharian ng Iyong pinagdalan sa mapaad na magnanakaw, na napakisama sa Iyong ipinaripa sa Krus, nabubuhay Ka't naghahari sa kasamahan ng Diyos

Ama at ng Diyos Espiritu Santo, magpasawalang hanggan.
Siya Nawa.

LITANYA

NAMUMUNO: Panginoon, Kaawaan Mo kami

SAGOT: Panginoon, Kaawaan Mo kami

NAMUMUNO: Kristo, Kaawaan Mo kami

SAGOT: Kristo, Kaawaan Mo kami

NAMUMUNO: Kristo, pakinggan Mo kami

SAGOT: Kristo, pakinggan Mo kami

NAMUMUNO: Kristo, pakapakinggan Mo kami

SAGOT: Kristo, pakapakinggan Mo kami

NAMUMUNO:

Diyos Ama sa Langit
Diyos Anak na tumubos sa
sanlibutan
Diyos Espiritu Santo
Santa Trinidad na Tatlong Persona
at iisang Diyos

SAGOT:

Maawa ka sa kanya
Maawa ka sa kanya
Maawa ka sa kanya
Maawa ka sa kanya

NAMUMUNO:

Santa Maria..... Ipanalangin Mo kami
Santang Ina ng Diyos.....
Santang Birhen puno ng mga Birhen.....
Ina ni Kristo.....
Ina ng Grasya ng Diyos.....
Ina kasakdal-sakdalan.....
Inang walang malay sa kahalayan.....

SAGOT:

Inang di malapitan ng masama.....
 Inang kalinis-linisan.....
 Inang ipinaglihing walang kasalanan.....
 Inang Kaibig-ibig.....
 Inang Kataka-taka.....
 Ina may gawa ng lahat.....
 Ina ng Mapag-adya.....
 Birheng Kapaham-pahaman.....
 Birheng dapat igalang.....
 Birheng dapat ipagbantog.....
 Birheng Makapangyayari.....
 Birheng Maawain.....
 Birheng may tibay ng loob sa magaling.....
 Salamin ng Katuwiran.....
 Luklukan ng Karunungan.....
 Mula ng tuwa naming (Aalisin ang itim).....
 Sisidlan ng Kabanalan.....
 Sisidlang bunyi at bantog.....
 Sisidlan ng bukod na mahal na loob na kakusaing sumunod
 sa panginoon ng Diyos.....
 Rosang bulaklak na di mapuspos ng bait ng tao ang halaga..
 Tore ni David.....
 Toreng Garing.....
 Bahay na Ginto.....
 Kaban ng Tipan.....
 Pinto ng Langit.....
 Talang Maliwanag.....
 Mapagpagaling sa mga may sakit.....
 Sakdalan ng mga taong makasalanan.....

Mapang-aliw sa mga nagdadalamhati.....
 Mapang-ampon sa mga Kristiyano.....
 Rayna ng mga Angeles.....
 Rayna ng mga Patriakas.....
 Rayna ng mga Propetas.....
 Rayna ng mga Martires.....
 Rayna ng mga Confesores.....
 Rayna ng mga Birhenes.....
 Rayna ng mga Santo.....
 Reynang tigib na tigib ng lumbay.....
 Reynang di nagmana ng Kasalanang Orihinal.....
 Reyna ng Kabanal-banalang Rosaryo.....

NAMUMUNO: Kordero ng Diyos na makawawala ng mga kasalanan ng sanlibutan.

SAGOT: Patawarin Mo kami Panginoon namin.

NAMUMUNO: Kordero ng Diyos na makawawala ng mga kasalanan ng sanlibutan.

SAGOT: Pakapakinggan Mo kami Panginoon namin.

NAMUMUNO: Kordero ng Diyos na makawawala ng kasalanan ng mga santinakpang Langit.

SAGOT: Kaawaan Mo kami Panginoon namin.

Sa ilalim ng Iyong pagkakandili, O Santang Ina ng Diyos. Kami’y lumililong, huwag talikdan an aming pagaamu-amo kung dinaratnan na pangangailangan, bagkus iadya Mo kami sa dilang panganib, Birheng Mahal at Maluwalhati.

NAMUMUNO: Ipanalangin Mo kami, O Santang Ina ng Diyos.

SAGOT: Nang kami'y maging karapat-dapat makinabang sa mga pangako in Kristo na aming Panginoon.

NAMUMUNO: Panginoon namin dinggin Mong malugod ang aming pagamu-amo.

SAGOT: Dumating nawa sa Iyong tainga ang aming mga panalangin. (*tatlong beses uulitin*).

Kyrie eleison, Criste eleison

Ama Namin

Ipinagtatagubilin namin sa Iyo Panginoon, ang kaluluwa ni _____ na sa pagpanaw dito sa buhay na ito, ya mangyari nawang inyong ipagpatawad sa kanya alang-alang sa walang katapusan mong awa ang mga kasalanang nagawa at laging mabuhay sa iyo, magpasawalang hanggan. AMEN.

I N T E N T I O N S

NAMUMUNO: Para sa kamahal-mahalang Puso ni Hesus.

SAGOT: (Dasalin ang **Sumasampalataya**).

NAMUMUNO: Para sa kalinis-linisang Puso ni Maria.

SAGOT: (Dasalin ang **Aba Po**)

Ipanalangin mong mapatuloy nawa sa amin ang mga pangako ni Kristong aming Panginoon. AMEN.

NAMUMUNO: Para kay San Jose, sa mga Santo at Santa:

Isang Ama Namin.....

Isang Aba Ginoong Maria.....

Isang Luwalhati.....

NAMUMUNO: Para sa mga kaluluwa sa Purgatoryo lalo't higin sa kaluluwa nitong namatay na ating pinagdarasal:

Isang Ama Namin.....

Isang Aba Ginoong Maria.....

Isang Luwalhati.....

Aba Divino Sagrario, Aba birhen del Rosaryo, Aba nang anak sa Verbo na Ina ni Hesukristo.

O Birheng walang katulad, Ina ng Divos Anak, pakinggan di man dapat ang aming tinawag-tawag.

O Birheng Inang walang kasing-dunong, mapagkalinga't mapag-ampon ang aming hingi at panaghoy ay pahinggan mo rin po ngayon.

Pagtawag naming maulit sa Inyo Birheng Marikit kamtan mawa naming masapit ang hingi namin at hibik.

At ito po namang namatya na si _____ na aming ipinagdarasal ay inyong pagbiyayaan ng magandang kapalaran.

Iyong itawag dalangin kay Hesus Anak mong giliw, ang inyong abang alipin, na aming idinaraing.

At itong limang misteryo alay at hain namin sa inyo siya po'y paragkamtin mo ng mahal mong Santo Rosaryo.

Yayamang pabor sakdalan ang taong makasalanan, Birhen inyong kaawaan ipag-adya sa kaaway.

Ang mga salang nagawa ng sila'y buhay sa lupa, kayo na po ang bahalang magpatawad at maawa.

O Birheng Inang masaklolo, alang-alang sa gatas mo na sinuso ng anak mo, sila po'y kaawaan mo.

Iyong ipisa't ilangkap sa mga kasi mo't alagad sambahin kagawad diyan sa bayan mong mapalad.

Sampung kami'y dumaraing tumatawag dalangin, kay Hesus anak mong giliw, kami po ay kaawaan din.

At upang kami'y matutong mamintuho ng loob mo yamang kami'y dating iyo, maghihintay na awa mo.

Sa huling buhay ikalawa kamtan nawa ng aming kaluluwa ang langit Santa Gloria, siya nawang walang hanggan. AMEN.

Santong Diyos, Santong Makapangyarihan, Santong walang Kamatayan, Kami po'y Inyong Kaawaan. (3 X).

BENDITO ALAVADO, SE AL SANTISIMO SACRAMENTO DE LA ALTAR, DE LA LIMPIA IMMACULADA CONCEPSION, DE LA VIRGEN MARIA, MADRE DE DIOS, SENORA NUESTRA CONCIVIDA SEMANCHA DEPICADO ORIHINAL INFREMERNESTANTE DECICIR, NATURAL POR SIEMPRE HAMAS. AMEN.

Jesus ko kami po'y paalam, ngunit bago ka namin iwan, Kami po'y inyong bendisyunan at huwag pababayaan.

O Mariang Ina ni Hesus, Inang Birheng mapagkupkop, kami po'y alipin ninyo't lingkod paalam sa inyo. ADYOS.

Ave Maria Purisima

Simpicado Consivida (3 X)

Sa Ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo.

AMEN.

MAGANDANG GABI PO SA INYONG LAHAT.